5

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 5**
**Kalinangang Bayan tungkol sa Paniniwala at Relihiyon**
**Tradisyon**
**Kuwarter 2: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Manunulat: Hannah A. Coronel
(Santiago A. De Guzman Elementary School, SDO-Valenzuela)

Tagasuri: Marivic M. Pimentel, Ph.D.
Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila

**Management Team**

…

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 2, ARALIN 2 LINGGO 2 /BAITANG 5**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng gawaing nagpapahalaga sa nabuong kalinangang bayan at ugnayan sa ilang piling bansa sa Asya ng mga sinaunang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***1.*** *Naibibigay ang kahulugan ng konsepto ng kalinangan at uri nito*<br>***2.*** *Nasusuri ang mga paniniwala, relihiyon, at tradisyon ng sinaunang bayang Pilipino*<br>*3. Napapahalagahan ang kalinangang bayan bilang pagkakakilanlan ng bayan.* |
| **D. Nilalaman** | Kalinangang Bayan tungkol sa Paniniwala at Relihiyon<br>- Tradisyon (paggawa ng bangka, pagdaraos ng pagdiriwang, mga kagawiang panlipunan tulad ng pag-aaral, panliligaw, kasal, ugnayan sa pamilya) |
| **E. Integrasyon** | SDG 4: Quality Education<br>Cultural Literacy<br>Cultural Diversity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

Del Rosario G., (2018) Araling Panlipunan 5, Pagbuo ng Pilipinas bilang Nasyon, KLEAFS Publishing Marilao, Bulacan, Philippines

Fajardo J., Evangelista E., Dela Cruz EJ., Villegas JA., Barcelon V. E., Belarde R., Daroni C., Dr. Balaoing J., Garcia P., Fr. Santos E., (2023) Lahing Pilipino, Kaagapay sa Ika-21 Siglo, Rex Book Store, Inc., Sampaloc Manila

Oliveros R., Yumol., Andaquig., (2015) Kasaysayan ng Mamamayan ng Pilipinas: Ang Pagbubuo ng Pilipinas bilang Nasyon, IBON Center Quezon City, Philippines

https://www.slideshare.net/slideshow/sosyo-kultural-na-pamumuhay-ng-mga-sinaunang-tao/247880483

https://erikajoselitoblog.wordpress.com/2017/09/30/mga-hakbang-sa-panliligaw/

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br>1. Maikling Balik-aral<br>Gawain: Balikan Natin!<br>Panuto: Isa-isahin ang mga paniniwala, relihiyon ng sinaunang bayang Pilipino gayundin ang mga katuruan ng Islam. Isulat sa loob ng kahon ang mga kagawiang panlipunan na nagpayabong sa ating sinaunang kabihasnan<br><table><tr><td>Paniniwala</td><td></td></tr><tr><td>Relihiyon</td><td></td></tr><tr><td>Katuruan ng Islam</td><td></td></tr></table></td><td>TALA SA GURO<br>- Sa bahaging ito ay may kalayaan ang guro na gumamit ng ibang technique o paraan sa pagsasagawa ng balik-aral.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
Gawain 1: Subukan Natin<br>
Panuto: Suriing mabuti ang larawan na nasa ibaba, ano ang iyong napapansin? Ano kaya sa tingin mo ang paraan ng panliligaw noon at ngayon? Isulat ang iyong sagot sa patlang.
<table>
<tr><td></td><td>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________</td></tr>
</table>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
Gawain 2: Alamin Natin<br>
Panuto: Tukuyin ang jumbled letters batay sa pahayag na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang.
<table>
<tr><td>1. ________________</td><td>D E T O</td><td>ang bigay kayang binibigay sa mga magulang ng iniibig na dalaga</td></tr>
<tr><td>2. ________________</td><td>P A A K R A I R T</td><td>ang tawag sa pamilyang Pilipino dahil ang ama ang kinikilalang puno, tagapagbigay ng mga pangangailangan at tagapagtanggol ng kanyang mga anak</td></tr>
<tr><td>3. ________________</td><td>K A O K A R A</td><td>ang tawag sa malalaking sasakyang pandagat na ginamit sa digmaan.</td></tr>
<tr><td>4. ________________</td><td>G N A S G A</td><td>ay isang uri ng tansong gong ng mga taga-Cordillera</td></tr>
</table>
</td>
<td>
Para sa bahaging ito, malaya ang gurong magbigay pa ng mga gawain upang mas lalong mahikayat ang mga mag-aaral sa bagong aralin. Para sa gawaing ito, nasa desisyon ng guro kung pasulat o pasalita na sasagutan ang gawain upang mas maging kawili-wili ang talakayan.<br><br>
Nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Answers may vary)<br><br>
Susi sa pagwawasto<br>
Gawain 2: Alamin Natin 1. dote<br>
2. patriarka<br>
3. karakoa<br>
4. gangsa<br>
5. bangibang
</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 5. _______________ | *B A B G A N I G N* | ang sayaw para sa paglilibing ng yumaong nakaranas ng marahas ng kamatayan ng mga Ifugao | |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**Ikalawang Araw**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Mga Kagawiang Panlipunan ng mga Sinaunang Pilipino**
(Mga Tradisyon)

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay taglay na ang mga sinaunang Pilipino ang mayamang kulturang maipagmamalaki hanggang sa kasalukuyan. Ang mga sinaunang Pilipino ay may natatanging kultura bago pa man sila makipag-ugnayan sa mga dayuhan. Nakapaloob sa mga kulturang ito ang mga kagawiang panlipunan na nagpayabong sa ating sinaunang kabihasnan.

**Panliligaw at Pag-aasawa**

- May kaugalian ang mga unang Pilipino na mag-asawa sa babae o lalaking nabibilang sa uri ng lipunang kinabibilangan nila. Ngunit ang ganito'y hindi mahigpit na ipinatutupad. Ang **datu** ay karaniwan nang nag-aasawa sa pamilyang nabibilang sa uring datu. Ang **maharlika** ay nag-aasawa ng maharlika rin, at ang alipin ay nag-aasawa ng gaya rin nilang alipin. Ngunit gaya ng nasabi na, ang kaugaliang ito'y hindi lubos na sinusunod. Ang maharlikang may hangad mag-asawa ng alipin ay hindi pinagbabawalang mag-asawa rito, at ang datung nais mag-asawa ng maharlika ay malaya ring nag-aasawa ng nais niyang maging asawa. Ang babaing hindi asawa ng isang lalaki ngunit may di-karaniwang kaugnayan doon ay tinatawag na kaibigan, na kung bigkasin ay ka-ibigan, na ang ibig sabihi'y kapwa nag-iibigan.Sa kanilang batas na batay sa kinamulatan at kinaugalian, ang mga anak sa asawa ay lehitimo o tunay, samantalang ang mga anak sa labas, wika nga, ay hindi tunay kaya't hindi maaaring magmana ng ari-arian sa kanyang ama.


- Ang pag-aasawa noong unang panahon ay hindi madali, sapagkat ang lalaki ay maraming pagdaraanan bago maging karapat-dapat sa mga magulang ng babaing pinipintuho. May kaugalian noon - na hanggang ngayon ay sinusunod sa isang liblib na pook ng Pilipinas - na ang nanliligaw ay maglilingkod muna


| | | |
|---|---|---|
| | sa mga magulang ng dalaga sa loob ng ilang buwan o kung minsan ay mga taon. Ang mga lalaking umiibig noon ay handang magpakasakit at magtiis ng hirap alang-alang sa kanyang minamahal. Ang lalaki ay nagsisibak ng kahoy, umiigib ng tubig, at gumagawa ng ano mang bagay na iutos sa kanya ng mga magulang ng dalaga. Sa likod ng mataimtim na paglilingkod na ito ay hindi pinahihintulutang makipag-usap ang lalaki sa dalaga; mga mata lamang nila ang nag-uusap at napapahayag ng kani- kanilang dinaramdam. Walang pagkakataong magkausap ang dalawa sapagkat mahigpit ang mga magulang. Matapos matanto ng mga magulang ng dalaga na ang nanliligaw ay karapat-dapat, ang pagsang-ayon nila ay ipapaalam sa lalaki, datapwat ang ganitong pagsang-ayon ay may kondisyon. Siya (ang lalaki) ay magkakaloob ng bigay-kaya o dote sa mga magulang ng dalaga. Ang bigay-kaya ay karaniwan nang lupa, ginto, o ano mang ari-ariang mahalaga. Magbibigay din ang binata nang panghimuyat sa mga magulang ng dalaga, na maaaring salapi, bilang bayad sa mga araw at gabi ng pagbabantay at pagpupuyat ng mga magulang mula pagkabata hanggang magdalaga.<br><br>- Ang lahat ng ito ay inaayos ng mga magulang ng dalaga sa kanilang pakikipag-usap sa mga magulang ng binata. Kung ang hinihiling ng mga magulang noon ay hindi maibibigay ng mga magulang ng binata, nagkakaroon ng tinatawag na tawaran hanggang sa pumayag ang panig ng dalaga. Ito ay tinatawag na pamumulungan o pamamalae. Kapag naayos na ito, ang kasal ay isusunod.<br><br>**Ang Kasal**<br><br>- Ang paraan ng pagkakasal ay iba-iba ayon sa katayuan ng isang tao sa lipunan. Sa mga may dugong mahal o dugong-bughaw ang panliligaw ay dinaraan sa tagapamagitan. Pagkatapos na maayos ng mga magulang ang tungkol sa pag-aasawa ng kanilang mga anak ay ipakukuha ang nobya sa isang tagapamagitan. Pagdating sa paa ng hagdan ng bahay ng lalaki ang dalaga ay magkukunwang nahihiya at hindi agad papanhik. Dudulutan siya ng ama ng lalaki ng isang regalo at siya ay papanhik na. Pagkapanhik ay hindi tutuloy sa kalooban ng bahay hanggang hindi siya nadudulutan ng isa pang regalo. Pagkapasok sa loob ng bahay ay hindi uupo ang dalaga at bibigyan na naman siya ng isa pang regalo. Hindi kakain o iinom ang dalaga hanggang hindi nadudulutan ng regalo. Pagkatapos nito, ang dalaga at binatang ikakasal ay iinom sa isang tasa. Sa bahaging ito ay ipahahayag ng isang matandang lalaki | |

| | | |
|---|---|---|
| | na magsisimula na ang seremonya. Isang matandang babaing may tungkuling pagkapari ang lalapit sa ikakasal, pagdadaupin ang kanilang mga kamay sa ibabaw ng isang pinggang bigas, at kasabay ng isang hiyaw ay ihahagis ang bigas sa mga panauhin. Ito ay gagantihan ng malakas na hiyawan ng mga panauhin at ang kasal ay tapos na.<br><br>- Ayon sa sipi ni Padre Chirino noon, pangkaraniwan nang hindi pa man isinisilang ang mga bata ay ipinagkakasundo na ng mga magulang ng magkaibigang angkan. Kung nagkataong pareho ang kasarian ng dalawang ipinagkasundo, ang kasunduan ay tinutupad sa susunod na pagsisilang.<br><br>**Ang Edukasyon**<br><br>- Di-pormal ang edukasyon ng ating mga ninuno. Edukasyong pangkabuhayan ang tinuturo ng ama sa mga anak na lalaki at pantahanan naman ang mga kababaihan. Sa kabuuan, ang kanilang pagtuturo ay upang ihanda ang kanilang mga anak na maging mabuting ama at ina ng tahanan.<br>- Sa kabila ng mga paghahandang iyan, napatunayang napakahalaga ng edukasyong Pilipino para sa ating mga ninuno. Ayon sa mga pagsusuri ni Padre Chirino, isang Kastilang manunuri at mananaliksik, ang halos lahat ng babae at lalaki ay marunong bumasa at sumulat ng katutubong alpabeto. Ang sinaunang katutubo ay may alpabetong kilala sa tawag na alibata. Ito ay binubuo ng labimpitong simbolo na kumakatawan sa mga titik. Tatlo lamang ang patinig at labing-apat ang katinig.<br><br>**Ang Pamilyang Pilipino**<br><br>- Ang pamilya ay kinikilalang pinakamaliit pinakamahalagang pangkat ng lipunan. Ang isang pangkaraniwang pamilyang Pilipino ay binubuo ng ama, ina at mga anak. Patriarka ang pamilyang Pilipino dahil ang ama ang kinikilalang puno, tagapagbigay ng mga pangangailangan at tagapagtanggol ng kanyang mga anak. Ang ina, sa pag-aaruga ng kanyang mga anak. Mataas ang pagtingin at pagkilala sa bawat pamilya. Ang lipunan ay lubos na umaasa sa kagandahang-asal at pag-uugali ay dapat na matutuhan at malinang sa loob pa lamang ng isang tahanan.<br><br>**Paggawa ng Bangka**<br><br>- Mahalaga ang kaalaman ng mga sinaunang Pilipino sa paglalayag at paggawa ng mga sasakyang pandagat. Ang kaalaman ng sinaunang Pilipino sa paglalayag ay umusbong dahil sa pagiging arkipelago ng Pilipinas. Ang | |

| | | |
|---|---|---|
| | karagatan at mga ilog ay ugnay ng mga Pilipino di lamang sa isa't-isa maging sa mga dayuhan. Ito ang naging pangunahing daluyan ng impormasyon at kalakalan sa buong bansa.<br>- Matitibay, matutulin at hinahangaan ang mga bangkang nagmula sa Pilipinas. Pinaunlad ng mga sinaunang Pilipino ang paggawa ng mga sasakyang pandagat para sa iba't-ibang gamit katulad ng mga **balanghay**, mga **paraw** para sa pakikipagkalakalan at mga **karakoa** o ang malalaking sasakyang pandagat na ginamit sa digmaan.<br><br>**Pagdaraos ng pagdiriwang**<br><br>- Likas na mahilig at mahusay ang mga sinaunang Pilipino sa musika. Isinaliw nila ang musika sa kanilang pagsasayaw at ibang gawain tulad ng pagsasaka at pag- aani, gayundin sa mahahalagang pagdiriwang at ritwal sa kanilang pamayanan. Gumamit din sila ng mga katutubong instrumento gaya ng **gangsa**, isang uri ng tansong gong ng mga taga-Cordillera; **kaleleng**, instrumentong pinatutunog gamit ang ilong ng mga Bontok; at ang **tambuli** ng mga Tagalog na yari sa sungay ng kalabaw.<br>- Mayron din silang awit at sayaw para sa iba't ibang pagdiriwang at gawain. Sa pamamagitan ng **dallot**-isang mahabang berso na binibigkas ng paawit-hinarana ng sinaunang Ilocano ang kanilang iniirog. Katumbas ng dallot ang **ayeg-klu** ng mga Igorot. May mga awitin din sila para sa tagumpay sa digmaan, pagpapakasal, pagluluksa, pagsamba sa mga diyos, at mga larong pambata.<br>- Mayaman din sa katutubong sayaw ang sinaunang Pilipino. Naging pangunahing inspirasyon nila ang kalikasan, tulad ng mga kilos ng hayop, sa paggawa ng sayaw. Halimbawa ang **Tinikling** na hango sa galaw ng ibong tikling. May mga sayaw rin sila na bahagi ng ritwal tulad ng **Pagdiwata**, sayaw ng pasasalamat para sa magandang ani, ng mga Tagbanwa sa Palawan. Marami rin mga sayaw ang may kinalaman sa gawaing pangkabuhayan. Halimbawa ang sayaw ng Pagtatanim at Paggapas ng mga magsasaka sa Katagalugan at Pamulad Isda o sayaw ng pagpapatuyo ng isda ng mga taga-Negros. Iba pang halimbawa ng sinaunang sayaw ay ang **Salidsid** o sayaw sa panliligaw ng mga Kalinga; at ang **Bangibang**, sayaw para sa paglilibing ng yumaong nakaranas ng marahas ng kamatayan ng mga Ifugao<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 3: Ugnay-Salita** | Susi sa pagwawasto<br>**Gawain 3: Ugnay-Salita**<br>TALA SA GURO |

| | | |
|---|---|---|
| | Panuto: Ipaliwanag ang kaugnayan ng dalawang salita sa isa't-isa. Isulat ang iyong sagot sa patlang.<br>1. balangay at karakoa<br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>2. gangsa at kaleleng<br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>3. Pagdiwata at Tinikling<br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>4. Panliligaw at Kasal<br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>5. Edukasyon sa babae at Edukasyon sa lalaki<br>____________________________________<br>____________________________________<br><br>**Gawain 4: Opinyon o Katotohanan**<br>Panuto: Isulat ang **O** sa patlang kung ito ay opinion at **K** kung ito ay katotohanan.<br>_____ 1. Ang mga sinaunang Pilipino ay may paniniwalaan na ang mga bagay sa kalikasan ay banal at may kaluluwa<br>_____ 2. Ang mga sinaunang kalalakihan ay naglalagay ng tato sa buong katawan dahil sa paniniwalang ito ay maganda sa paningin<br>_____ 3. Pinababaunan ng mga sinaunang Pilipino ang mga yumao ng mga kasangkapan tulad ng seramika at mga palamuti upang ito daw ay may magamit sa kabilang buhay<br>_____ 4. Ang kaalaman ng mga sinaunang Pilipino sa paggawa ng bangka at paglalayag ang nakatulong sa kanila upang makakuha ng mga impormasyon at makipagkalakalan sa ibang bansa. | - Nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Maaaring iba't iba ang sagot) Maaari ring gawing batayan sa pagwawasto ang kasagutan sa ibaba.<br><br>1. **balangay** ay sasakyang pandagat ng ating mga ninuno; **karakoa** o ang malalaking sasakyang pandagat na ginamit sa digmaan.<br>2. **gangsa**, isang uri ng tansong gong ng mga taga-Cordillera; **kaleleng**, instrumentong pinatutunog gamit ang ilong ng mga Bontok<br><br>3. **Tinikling** na hango sa galaw ng ibong tikling; **Pagdiwata**, sayaw ng pasasalamat para sa magandang ani, ng mga Tagbanwa sa Palawan<br><br>4. **Panliligaw**, panunuyo ng lalaki sa iniibig na babae; **Kasal**, pag-iisang dibdib ng nag-iibigang (o pinagkasundong) babae at lalaki<br><br>5. Edukasyong pangkabuhayan ang tinuturo ng ama sa mga **anak na lalaki** at pantahanan naman ang mga **kababaihan** |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
_____ 5. May iba’t ibang awit at sayaw ang mga sinaunang Pilipino sa kanilang pang araw-araw na gawain gayundin sa mahahalagang pagdiriwang at mga ritwal.<br><br>
3. Paglalapat at Pag-uugnay<br><br>
Gawain 5: Pag-ugnayin Natin<br>
Panuto: Gamit ang graphic organizer, pumili ng isang paksa sa ibaba na nais paghambingin.<br>
a. “Tradisyon sa Kasal Noon at Ngayon”<br>
b. “Tradisyon sa Patay Noon at Ngayon”<br>
c. “Pagpapangalan Noon at Ngayon”<br>

<br>
Gawain 6: Show and Tell (Pangkatang Gawain)<br>
Panuto: Pumili ng isa sa mga kagawiang panlipunan ng mga sinaunang Pilipino. Ipakita sa klase sa pamamagitan ng pagsasadula ng mga paraan kung paano isinasagawa ang mga ito. Sagutan ang mga katanungan sa ibaba.<br>
Unang Pangkat: Kasal
</td>
<td>
SUSI SA PAGWAWASTO<br>
Gawain 4: Opinyon o Katotohanan<br>
1. K<br>
2. O<br>
3. O<br>
4. K<br>
5. K<br><br>
SUSI SA PAGWAWASTO<br>
Gawain 5: Pag-ugnayin Natin<br>
TALA SA GURO<br>
- Nasa desisyon ng guro kung anong grado ang ibibigay. (Answers may vary)<br><br>
SUSI SA PAGWAWASTO<br>
Gawain 6: Show and Tell (Pangkatang Gawain)<br>
TALA SA GURO<br>
- Nasa desisyon ng guro kung anong grado ang
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Ikalawang Pangkat**: Edukasyon<br>**Ikatlong Pangkat**: Pagdaraos ng Pagdiriwang<br>**Ikaapat na Pangkat**: Panliligaw<br>**Ikalimang Pangkat**: Pamilyang Pilipino<br><br>**Mga Pamprosesong Tanong:**<br>1. Ano ang katangian ng isang magandang kultura para sa iyo?<br>2. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon, alin sa kultura, paniniwala o tradisyon ng mga sinaunang Pilipino ang nais mong gawin o maranasan?<br>3. Sa kabila ng modernisasyon, paano mo mapananatili ang kulturang sariling atin? | ibibigay. (Answers may vary) |
| **D. Paglalahat** | **Ikatlong Araw**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain 7: Pangkatin Natin**<br>Panuto: Tukuyin kung anong uri ng kultura ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ito sa loob ng kahon ayon sa uri nito.<br> | Susi sa Pagwawasto<br>**Gawain 7: Pangkatin Natin**<br>**Kasal**<br>a. Ang paraan ng pagkakasal ay iba-iba ayon sa katayuan ng isang tao sa lipunan<br>f. Pagkatapos na maayos ng mga magulang ang tungkol sa pag-aasawa ng kanilang mga anak ay ipakukuha ang nobya sa isang tagapamagitan<br><br>**Pagdaraos ng pagdiriwang**<br>h. Likas na mahilig at mahusay ang mga sinaunang Pilipino sa musika<br>c. Isinaliw nila ang musika sa kanilang pagsasayaw at ibang gawain tulad ng pagsasaka at pag- aani, gayundin sa mahahalagang pagdiriwang at ritwal sa kanilang pamayanan |

| | | |
|---|---|---|
| | a. Ang paraan ng pagkakasal ay iba-iba ayon sa katayuan ng isang tao sa lipunan<br>b. Ang babaing hindi asawa ng isang lalaki ngunit may di-karaniwang kaugnayan doon ay tinatawag na kaibigan, na kung bigkasin ay ka-ibigan, na ang ibig sabihi'y kapwa nag-iibigan<br>c. Isinaliw nila ang musika sa kanilang pagsasayaw at ibang gawain tulad ng pagsasaka at pag-aani, gayundin sa mahahalagang pagdiriwang at ritwal sa kanilang pamayanan<br>d. ng lipunan ay lubos na umaasa sa kagandahang-asal at pag-uugali ay dapat na matutuhan at malinang sa loob pa lamang ng isang tahanan.<br>e. May kaugalian ang mga unang Pilipino na mag-asawa sa babae o lalaking nabibilang sa uri ng lipunang kinabibilangan nila<br>f. Pagkatapos na maayos ng mga magulang ang tungkol sa pag-aasawa ng kanilang mga anak ay ipakukuha ang nobya sa isang tagapamagitan<br>g. Patriarka ang pamilyang Pilipino dahil ang ama ang kinikilalang puno, tagapagbigay ng mga pangangailangan at tagapagtanggol ng kanyang mga anak.<br>h. Likas na mahilig at mahusay ang mga sinaunang Pilipino sa musika<br><br>2. **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain 8: Palawakin pa Natin**<br>Panuto: Sa iyong kwaderno gumawa ng learning journal, sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba bilang paglalahat sa araling ito.<br><br>**MY LEARNING JOURNAL**<br>Ano ang naging kahalagahan ng kalinangang bayan o mga sinaunang kultura bilang pagkakakilanlan ng bayan?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | **Panliligaw at Pag-aasawa**<br>e. May kaugalian ang mga unang Pilipino na mag-asawa sa babae o lalaking nabibilang sa uri ng lipunang kinabibilangan nila<br>b. ng babaing hindi asawa ng isang lalaki ngunit may di-karaniwang kaugnayan doon ay tinatawag na kaibigan, na kung bigkasin ay ka-ibigan, na ang ibig sabihi'y kapwa nag-iibigan<br><br>**Ang Pamilyang Pilipino**<br>g. Patriarka ang pamilyang Pilipino dahil ang ama ang kinikilalang puno, tagapagbigay ng mga pangangailangan at tagapagtanggol ng kanyang mga anak.<br>d. ng lipunan ay lubos na umaasa sa kagandahang-asal at pag-uugali ay dapat na matutuhan at malinang sa loob pa lamang ng isang tahanan. |

| IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw**<br>**Pagsusulit**<br>Panuto: Bilugan ang salitang bubuo sa diwa ng pangungusap.<br>1. Ang (bigay-kaya, yaman, cellphone) ay karaniwan nang lupa, ginto, o ano mang ari-ariang mahalaga<br>2. Inaayos ng mga (kapatid, lolo at lola, magulang) ng dalaga sa kanilang pakikipag-usap sa mga magulang ng binata<br>3. Kung ang hinihiling ng mga magulang noon ay hindi maibibigay ng mga magulang ng binata, nagkakaroon ng tinatawag na (singilan, tawaran, iyakan) hanggang sa pumayag ang panig ng dalaga<br>4. Ang paraan ng (panganganak, panliligaw, pagkakasal) ay iba-iba ayon sa katayuan ng isang tao sa lipunan<br>5. Ayon sa sipi ni Padre Chirino noon, pangkaraniwan nang hindi pa man isinisilang ang mga bata ay (ibenebenta, ipinagkakasundo, kinakasal) na ng mga magulang ng magkaibigang angkan<br>6. (Pormal, Di-pormal, abnormal) ang edukasyon ng ating mga ninuno.<br>7. Ang sinaunang katutubo ay may alpabetong kilala sa tawag na (alibata, alibaba, alphabet)<br>8. Ito ay binubuo ng (labinglima, labing-anim, labimpitong) simbolo na kumakatawan sa mga titik<br>9-10. (Isa, Dalawa,Tatlo) lamang ang patinig at (labingtatlo, labing-apat, labinglima) ang katinig.<br><br>B. Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang iyong sagot sa patlang.<br><br>**Hanay A** / **Hanay B**<br>_____11. malalaking sasakyang pandagat na ginamit sa digmaan. / a. Tinikling<br>_____12. yari sa sungay ng kalabaw, ng mga Tagalog / b. Salidsid<br>_____13. hango sa galaw ng ibong tikling / c. Pagdiwata<br>_____14. sayaw sa panliligaw ng mga Kalinga / d. karakoa<br>_____15. sayaw ng pasasalamat para sa magandang ani, ng mga Tagbanwa sa Palawan / e. tambuli | **PAGSUSULIT**<br>Susi sa pagwawasto<br>Gawain A.<br>1. bigay-kaya<br>2. magulang<br>3. tawaran<br>4. pagkakasal<br>5. ipinagkakasundo<br>6. Di-pormal<br>7. alibata<br>8. labimpitong<br>9-10. Tatlo, labing-apat<br><br>Gawain B.<br>11. D<br>12. E<br>13. A<br>14. B<br>15. C |

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____11. malalaking sasakyang pandagat na ginamit sa digmaan. | a. Tinikling |
| _____12. yari sa sungay ng kalabaw, ng mga Tagalog | b. Salidsid |
| _____13. hango sa galaw ng ibong tikling | c. Pagdiwata |
| _____14. sayaw sa panliligaw ng mga Kalinga | d. karakoa |
| _____15. sayaw ng pasasalamat para sa magandang ani, ng mga Tagbanwa sa Palawan | e. tambuli |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3"></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?</td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Hannah A. Coronel*** | ***Sinuri ni: Marivic M. Pimentel. Ph.D.*** |
| ***Institusyon: Santiago A. De Guzman Elementary School – SDO Valenzuela*** | ***Institusyon: Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila*** |